*Mt. Zion Baptist Missions Philippines – Sermon Notes*
*Aug. 13, 2017 – Sun. PM. – Missionary Bill Hardecker*

**Pamagat**: Kapayapaan

**Texto**: Ps. 119:165 "Great peace have they which love thy law: and nothing shall offend them.
*Pagsasalin*: Dakilang kapayapaan ang tinatamo nila na nagsisiibig ng iyong kautusan. At sila'y walang kadahilanang ikatitisod. (Awit 119:165)

**Panimula**:

1. Ito ay ang "SCHIN" secksyon or dalawampu't unang octinary ng Psalmo 119. [119:161-168]
2. Isang beses nalang na babangitin ni David ang kanyang mga manguusig, at pagkatapos nito ay permanente na siyang bumangon sa kanyang kahirapan. (v.161)
3. Bibigyan natin pansin ang dakilang kapayapaan na ibinibigay sa lahat ng mga nagmamahal sa salita ng Diyos. Katulad rin ng pag-asa, ay mayroon rin relasyon ang kapayapaan at ang salita ng Diyos.

**I. Ang Mga Kaibahan**:

1. Ang takot sa tao laban sa takot sa Diyos. (v.161). "Awe" – to be startled – upang magulat. [namamangha; may katakutan] – Dapat piliin natin ang tama at nararapat.
2. Ang kayamanan ng mundo laban sa kayamanan ng Salita ng Diyos. (v.162) – parang natuklasan ang kayamanan.
3. Ang poot [nasusuklam] sa pagsisinungaling laban sa pagibig ng kautusan o katotohanan ng Diyos. (v. 163) – kasinugalingan ng mga maling pagtuturo o maling doctrina. Maari na hindi popular ang Biblia, pero ito ay palaging totoo. Hindi lamang naglilinlang ang maling turo, ito rin ay magpapahamak sa kaluluwa ng mga tao.

**II. Ang Kapayapaan**:

1. Nagsisimula ito sa pagpupuri (v. 164). "seven times" – matalinghaga – katulad ng Leviticus 26:28. – paano tayo makakahingi ng grasya, at gabay kung hindi tayo manalangin? Hindi ito para humingi, pero para purihin ang Panginoon, pasalamatan siya.
2. Walang makakatisod sa taong ito? (v.165) – "offend" – upang madapa sila / to make them stumble. [makapagpapabuwal] - kahit sino, kahit ano ang sitwasyon, hindi matitisod!
3. Ganito rin ang natuklasan ni Pablo (Philippians 1:12). - …mga bagay na nangyayari sa akin ay humantong bagkus sa ikasusulong ebanghelio.
4. Ito ay namununga ng pagaasa sa kaligtasan ng Panginoon (v.166). Ang Kristyano ay "maypagpapalang pag-asa" (Titus 2:13).
5. Ito rin ay makikita sa tunay na pagmamahal sa salita ng Diyos. (v.167). Pansinin natin yung superlatibong salita, pasukdol, iniibig kong "mainam." [lubos].

**III. Ano ang mga turo ng Bible patungkol sa Kapayapaan**?

1. Ang Diyos ay ang May-akda ng kapayapaan. (1 Cor. 14:33; 2 Cor. 13:11) Mayroon Diyos ng kapayapaan at meron rin kapayapaan na galing sa Diyos (Phil. 4:7; Col. 3:15)
2. Wala pong kapayapaan sa mga hindi ligtas. (Isa. 48:22)
3. Ang Panginoong Jesus ay ang nagbigay ng kapayapaan sa ating kaluluwa. (Rom. 5:1; Eph. 2:14; Col. 1:20). Maari siyang magbigay ng kapayapaan kasi siya ay Principe ng Kapayapaan (Isa. 9:6)

**Katapusan**:

1. Mayroon siyang katapatan ng puso kaya't maari niyang sabihin ang kaniyang sinabi sa v.168. – aking tinutupad ang iyong mga tuntunin at iyong mga patotoo. Sapagkat lahat ng aking lakad ay na sa harap mo.
2. Mayroon kagang kapayapaan sa buhay mo? Kapayapaan na hindi galing sa mundo, at sa mga pangyayari? Kapayapaan na di maaring tanggalin ng sinoman. (Jn. 14:27)
3. Kung hindi ka pa ligtas, ngayon na ang pagkakataon na makilala mo si Jesu-Cristo bilang iyong Diyos, Panginoon, at Tagapagligtas.